

PIVOT^{4A}

LEARNER'S MATERIAL

GRADE 1 - Araling Panlipunan



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

Araling Panlipunan Unang Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Jessa Mae F. Santos
Content Creator & Writer

Leonardo C. Cargullo
Internal Reviewer & Editor

Ephraim L. Gibas & Harold M. Monzon
Layout Artist & Illustrator

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Maria Christina A. Pangan, Komisyon sa Wikang Filipino
External Reviewer & Language Editor

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON AP G1


Ang Sarili Naming Paaralan

Aralin


I

Ang paaralan ay maituturing na ating pangalawang tahanan. Sa aralin na ito, matututuhan mo ang mga batayang impormasyon tungkol sa iyong paaralan.


Ang paaralan ay isang lugar kung saan ang mga mag-aaral na tulad mo ay nag-aaral. Dito ay matututuhan mong magbasa, magsulat, at magbilang. Tinuturuan ka rin dito ng mga bagong kaalaman tungkol sa iyong paligid. Sa paaralan ka huhubugin upang maging mas mabuting bata.




Mahalaga na malaman mo ang iba't ibang bahagi ng paaralan.




Sa **silid-aralan**, tinuturuan at nag-aaral ang mga mag-aaral na tulad mo.




Sa **silid-aklatan**, makikita ang mga aklat at iba pang babasahin. Dito nagbabasa ang mga mag-aaral.




Sa **kantina**, kumakain ang mga mag-aaral tuwing recess.



Ang **palaruan** ay isang bahagi ng paaralan kung saan pwedeng maglaro ang mga mag-aaral.



Sa **klinika**, ginagamot ang mga mag-aaral sa tuwing sumasama ang kanilang pakiramdam.



Sa **palikuran**, umiihi at dumudumi ang mga mag-aaral. Mayroong palikuran na panlalaki at pambabae.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Piliin sa **Hanay B** ang bahagi ng paaralan na inilalarawan sa **Hanay A**. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

A

1. Dito nag-aaral at tinuturuan ang mga mag-aaral.
2. Dito ay puwedeng maglaro ang mga mag-aaral.
3. Dito umiihi at dumudumi ang mga mag-aaral.
4. Dito ginagamot ang mga mag-aaral sa tuwing masama ang kanilang pakiramdam.
5. Dito kumakain ang mga mag-aaral tuwing recess.


B

- a. Klinika
- b. Palikuran
- c. Silid-aralan
- d. Kantina
- e. Palaruan

Matapos mong masagutan ang unang gawain, inaasahan ang pagkatuto mo sa pagtukoy ng mga bahagi ng inyong paaralan. Ngayon ay iyong ipagpatuloy ang mga susunod na gawain para sa pagpapayaman ng iyong mga kaalaman.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Tukuyin kung anong bahagi ng paaralan ang nasa larawan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.


_____ 1.




_____ 2.




_____ 3.



_____ 4.



_____ 5.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Niyaya ka ng iyong kaklase na si Jessa na kumain habang recess. Saang bahagi ng paaralan kayo pupunta?

A. palikuran

C. kantina

B. klinika

D. silid-aralan

2. Ito ay isang lugar kung saan natututong magbasa, magsulat, at magbilang ang mga mag-aaral na tulad mo.

A. pamayanan

C. palaruan

B. paaralan

D. pasyalan

3. Biglang nadapa at nasugatan ang kaklase mong si Mae habang kayo ay naglalaro. Saang bahagi ng paaralan dapat pumunta si Mae upang ipagamot ang kaniyang sugat?

A. klinika

C. silid-aklatan

B. kantina

D. silid-aralan

4. Ito ay bahagi ng paaralan kung saan tinuturuan at nag-aaral ang mga mag-aaral.

A. silid-aralan

C. silid-aklatan

B. palaruan

D. pasyalan

5. Nais mong magbasa at magsaliksik, saang bahagi ng paaralan ka pupunta?

A. silid-tulugan

C. silid-aralan

B. silid-dasalan

D. silid-aklatan



Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Kopyahin at isulat sa patlang ang mga batayang impormasyon tungkol sa iyong paaralan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ako si (1)_____. Ako ay nag-aaral sa (2)_____. Ito ay matatagpuan sa (3)_____. Ang mga bahagi ng paaralan na mayroon sa amin ay (4)_____, _____, _____, _____, _____, _____.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Gamit ang lapis, iguhit sa iyang sagutang papel ang iyang paaralan.



A

Kopyahin ang talata at punan ang mga patlang batay sa mga larawan sa ibaba. Isulat ang iyang sagot sa iyang sagutang papel.

Ang _____ ay ang ating pangalawang tahanan. Dito natin natututuhan ang maraming bagay.

Bilang isang _____, mahalaga na alam mo ang iba't ibang bahagi ng iyang paaralan.

Ang mga bahaging ito ay dapat panatiliing maayos at malinis upang ang mga mag-aaral na tulad mo ay makapag-aral nang mabuti.




Kapaligiran ng Aming Paaralan

Aralin

I

Mahalaga ang kalinisan at katahimikan ng paaralan. Sa aralin na ito, matutukoy mo ang mga paraan upang mapanatili ang kalinisan at katahimikan ng paaralan.






Ang magandang kapaligiran ng paaralan ay nakatutulong upang makapag-aral nang maayos ang mga mag-aaral.

Ang maluwag na silid-aralan ay angkop sa pag-aaral. Kailangan ding tahimik ang paligid ng paaralan. Ang maingay at magulong kapaligiran ay nakaaabala sa mga mag-aaral sa silid-aralan.



Mahalaga rin na malinis ang paligid ng paaralan upang maiwasan ang pagkalat ng mikrobyo na dulot ng maruming kapaligiran. Ang mga puno at halaman sa paligid ng paaralan ay nakatutulong ding mapabuti ang pag-aaral ng mga mag-aaral.

D


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang **Tama** kung ang sumusunod na larawan ay nagpapakita ng tamang gawain sa paaralan. Isulat ang **Mali** kung ang sumusunod na larawan ay mali. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

_____ 1.		_____ 2.	
_____ 3.		_____ 4.	
_____ 5.			


Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin sa mga katapat na larawan ang magiging epekto ng mga pagkilos sa unang larawan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

	A	B
1.		


2.




A




B




3.




A




B




A




B




4.





A



B



5.





Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa iyong sagutang papel, gumuhit ng isang larawan na magagawa mo upang mapanatili ang kalinisan ng inyong paaralan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Kopyahin at piliin sa mga salitang nasa kahon ang angkop na salita na tutugma sa mga patlang. Isulat ito sa iyong sagutang papel.


paaralan	kalinisan
tahanan	
pag-iingay	katahimikan

Ang aking (1)_____ ay ang aking pangalawang (2)_____. Pananatilihin ko ang (3)_____ sa kapaligiran nito. Iiwasan ko ang (4)_____ upang mapanatili ang (5)_____ sa paaralan upang kami ng aking mga kamag-aral ay makapag-aral nang may buong husay.

A

Kopyahin ang talata at punan ang mga patlang batay sa mga larawan sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

Ang malinis at tahimik na _____ ng paaralan ay makatutulong sa mahusay na pag-aaral ng mga _____. Kaya naman panatilihin natin na malinis, maayos at tahimik ang kapaligiran ng ating paaralan.




Mga Taong Bumubuo sa Aming Paaralan

Aralin

I

Maraming tao na may iba't ibang tungkulin ang bumubuo sa ating paaralan. Sa araling ito, makikilala mo ang mga bumubuo sa isang paaralan.

Ang paaralan ay binubuo ng mga mag-aaral, guro, librarian, punongguro, nars at doktor, guwardya, janitor, at tindera o tindero sa kantina.



Ang mga **mag-aaral** na katulad mo ay ang mga nag-aaral bumasa, sumulat at bumilang sa loob ng silid-aralan.

Ang **guro** ang siyang nagtuturo sa mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

Ang **punongguro** ang pinuno ng paaralan. Siya ang gumagabay sa mga guro upang magampanan nila ang maayos na pagtuturo.

Ang **librarian** ay ang tagapangasiwa sa silid-aklatan.

Ang **nars** at **doktor** ang siyang gumagamot sa mga mag-aaral na nagkakasakit. Marami silang alam sa pagbibigay ng paunang lunas sa karamdaman.

Ang **guwardiya** ang nagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa paaralan.

Ang **janitor** naman ang naglilinis ng paaralan. Minsan siya rin ang nagdidilig ng mga halaman sa paaralan.

Ang mga **tindero** o **tindera** ang nagluluto ng pagkain at nagpapanatili na malinis at masustansiya ang mga makakain ng mga mag-aaral sa kantina tuwing recess.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Siya ang nagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa paaralan.

A. Tagaluto sa kantina

C. Janitor

B. Guwardiya

D. Mag-aaral

2. Siya ang nagtuturo sa mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

A. Guro

C. Librarian

B. Punongguro

D. Guwardiya

3. Siya ang pinuno ng paaralan.

- A. Janitor
- B. Mag-aaral
- C. Punongguro
- D. Guro

4. Sila ang gumagamot sa mga mag-aaral na nagka-kasakit.

- A. Librarian
- B. Nars at Doktor
- C. Guro
- D. Tindero o tindera sa kantina


5. Siya ang nagpapanatili na malinis at masustansiya ang mga makakain ng mga mag-aaral sa kantina tuwing recess.

- A. Mag-aaral
- B. Guro
- C. Janitor
- D. Tindero o tindera sa kantina


Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin sa kahon kung sino ang nasa larawan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

	mag-aaral	guro
	librarian	
	tindero o tindera	janitor
1.		2. 


3.



4.



5.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Lagyan ng tsek (/) ang patlang kung tama ang pahayag at ekis (x) kung mali. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

_____ 1. Ang guwardiya ang siyang nagtuturo sa mga mag-aaral kung papaano magbasa, magsulat, at magbilang.

_____ 2. Ang janitor ang siyang naglilinis ng paaralan.

_____ 3. Ang tindera o tindero ng kantina ang siyang nagpapanatili na malinis at masustansiya ang mga makakain ng mga mag-aaral sa kantina tuwing recess.

_____ 4. Ang punongguro ang siyang gumagabay sa mga guro upang magampanan nila ang maayos na pagtuturo.

_____ 5. Ang nars at doktor ang siyang gumagamot sa mga mag-aaral na nagkakasakit.

E


Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa tulong ng iyong magulang o nakatatandang miyembro ng inyong pamilya, isulat sa patlang ang mga pangalan ng mga taong bumubuo ng inyong paaralan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ako si _____. Ako ay nasa unang baiting na. Ang aking guro ay si _____. Ang punongguro ng aming paaralan ay si _____.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Kung sasali ka sa isang dula at gaganap bilang isa sa mga taong bumubuo ng inyong paaralan, sino sa mga taong bumubuo ng inyong paaralan ang nais mong gampanan? Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

A

Ang mga taong bumubuo sa paaralan ang siyang nagbibigay kahulugan dito. Mahalaga na alam mo kung sino-sino ang mga taong bumubuo sa inyong paaralan.



Ang Halaga ng Aming Paaralan

Aralin

I

WEEK
6


Mahalaga ang paaralan dahil dito tayo natututo ng iba't ibang kaalaman at nahuhubog upang maging mabuting mamamayan.

Sa aralin na ito, matutuklasan mo ang kahalagahan ng paaralan.

Napakahalaga ng ating paaralan. Dito natin natututuhan ang iba't ibang aralin tulad ng matematika, kalusugan at agham.

Sa paaralan din natin matututuhan ang magandang asal at mabuting pag-uugali. Dito rin tayo magkakaroon ng mga kaibigan.

Mahalaga ang pag-aaral upang tayo ay lumaking mabuti at kapaki-pakinabang na mamamayan. Mahalaga ito para sa pag-unlad ng ating kinabukasan.





Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang **Tama** kung tama ang pangungusap, at **Mali** naman kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang paaralan ay mahalaga upang marami tayong matutuhang mga aralin.
2. Sa paaralan hindi tayo magkakaroon ng iba pang mga kaibigan.
3. Sa paaralan natin matututuhan ang pakikipagkaibigan, pakikipagkapuwa tao, at pakikipagtulungan.
4. Ang bawat bata ay dapat na nag-aaral sa paaralan.
5. Ang mga natutuhan sa paaralan ay magagamit ng isang bata hanggang sa kaniyang paglaki.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin sa **Hanay B** ang tamang salita na kokompleto sa mga pangungusap sa **Hanay A**. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Hanay A

1. Sa paaralan natin natututuhan ang ibat-ibang aralin tulad ng _____, _____, _____, _____.

Hanay B

a. kaalaman

2. Mahalaga na tayo ay may alam sa ibat ibang aralin upang dumami ang ating mga _____.

3. Sa paaralan din natin matututuhan ang _____ at mabuting pag-uugali.

4. Mahalaga ang pag-aaral para sa ating _____.

5. Mahalaga ang pag-aaral sa _____ ng ating kinabukasan.

b. magandang kinabukasan

c. matematika, kalusugan, at agham

d. pag-unlad

e. magandang asal

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Basahin at unawain ang mga sitwasyon. Lagyan ng 😊 ang patlang kung ito ay tamang gawain ng isang mag-aaral at ☹ naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

_____ 1. Ayaw pumasok ni Josh sa paaralan.

_____ 2. Si Patricia ay laging nakikinig sa kanyang guro.


_____ 3. Si Lito ay mahilig magbasa ng mga aralin.

_____ 4. Hindi ginagawa ni Hannah ang kanyang mga takdang-aralin.

_____5. Nagpapatulong si Nica sa kaniyang guro upang maunawaan ang mga aralin.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Isulat sa loob ng bilog ang isang mabuting katangian ng iyong guro sa inyong paaralan na nais mong tularan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Isulat sa loob ng kahon ang mga mabuting katangian ng isang batang nag-aaral sa paaralan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.






A

Kopyahin ang talata at punan ang mga patlang batay sa mga larawan sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

Mahalaga na ang bawat _____ ay makapag-aral sa _____. Dito mo matututuhan ang maraming bagay sa iyong paligid.

Sa paaralan mo matututuhan ang iba't ibang bagay tulad ng pagsusulat, pagbabasa at pagguhit. Dito rin tayo maaaring magkaroon ng mga _____.

Sa paaralan mahuhubog ang ating pagiging mabuting mamamayan at kapuwa.




Ang Halaga ng Ating Paaralan

Aralin

I

May iba't—ibang alituntunin na dapat nating sundin sa loob at labas ng ating paaralan. Sa araling ito, matutukoy mo ang mga alituntunin sa silid-aralan at sa paaralan.

Tulad sa ating tahanan, may mga alituntunin tayong kailangang sundin sa paaralan. Ang mga ito ay binuo upang mapanatili ang kaayusan sa paaralan.



Para sa mabuting pag-aaral, karaniwang dapat sundin sa isang silid-aralan ang sumusunod:

- Pagsunod sa mga itinakdang oras tulad ng oras ng pagpasok at oras ng recess
- Pakikibahagi sa mga aralin at talakayan
- Pagtupad sa iniatas na gawain
- Pagpapanatili sa katahimikan

Sa loob at labas ng silid-aralan, karaniwang alituntunin sa isang paaralan ang sumusunod:

- Pagpapakita ng kagandahang asal
- Pagsusuot ng angkop na uniporme
- Pagpapanatili ng kalinisan

Ang mga alituntunin na ito ay dapat sundin upang mapanatili ang kaayusan sa ating paaralan.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang **Opo** kung ang pangungusap ay alinsunod sa alituntunin sa loob ng silid-aralan at **Hindi po** naman kung ito ay hindi alinsunod sa alituntunin sa loob ng silid-aralan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Kumakain si Jeff sa itinakdang oras ng recess.
- _____ 2. Nakikipagkwentuhan si Nena habang nagtuturo ang kanilang guro.
- _____ 3. Lumabas si Erica sa silid-aralan nang walang pahintulot ng kanilang guro.
- _____ 4. Hindi ginawa ni Andrei ang kanilang takdang aralin.
- _____ 5. Nakikilahok si Marie tuwing oras ng talakayan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba, piliin ang tamang letra na dapat mong gawin sa pagsunod sa alituntunin ng inyong paaralan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1.



A. Sisipain ang papel palayo.

B. Dadamputin ang papel at itatapon sa tamang basurahan.


2.



A. Babatiin ang guro ng magandang araw.

B. Dederetso ng lakad.


3.



A. Uwi agad sa bahay.

B. Tutulong sa paglilinis ng silid-aralan.


4.



A. Ibutones ang uniporme.

B. Hahayaang nakabukas ang uniporme.

5.





A. Lalabas ng silid-aralan at maglalaro.

B. Hihintayin hanggang makabalik ang kanilang guro.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Iguhit ang ○ kung dapat gawin sa paaralan ang mga sumusunod na pangungusap. Iguhit naman ang △ kung hindi dapat gawin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


- _____ 1. Makikilahok ako sa mga pangkatang gawain.
- _____ 2. Aalisin ko ang aking *name plate* at *identification card* kung wala namang gurong nakatingin.
- _____ 3. Makikinig ako sa mga itinuturo sa amin ng aming guro.
- _____ 4. Pupulutin ko ang kalat na makikita ko sa pasilyo.
- _____ 5. Babatiin ko ang aking guro tuwing makakasalu-bong ko siya sa labas ng silid-aralan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Isulat sa **Bilog A** ang dapat mong gawin upang makasunod sa alituntunin ng inyong silid-aralan. Isulat naman sa **Bilog B** ang mga hindi dapat ginagawa dahil labag ito sa alituntunin ng silid-aralan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



E




Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Iguhit ang isang pangyayari sa inyong paaralan na nagpapamalas ng inyong pagsunod sa alituntunin ng inyong paaralan. Maaring magpatulong sa mga magulang sa pagguhit. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.



A

Kopyahin ang talata at punan ang mga patlang batay sa mga larawan sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

Ang mga _____ sa silid-aralan at sa paaralan ay binuo upang makapag-aral nang maayos ang mga mag-aaral. Ang pagsunod sa mga alituntunin na ito ay isang katangian ng isang mabuting _____. Kaya naman, sikapin mong sumunod sa mga alituntunin ng iyong _____.



Brigada Eskwela sa Aming Paaralan

Aralin

I

Mahalagang makilahok ang bawat mag-aaral sa mga aktibidad ng kaniyang paaralan.

Sa aralin na ito, malalaman mo ang gawain at aktibidad sa pagpapahalaga sa paaralan.

Tuwing bago sumapit ang araw ng pagbubukas ng klase, may isang nakagawiang aktibidad ang bawat pampublikong paaralan na kung tawagin ay Brigada Eskwela.

Ang Brigada Eskwela ay pinamumunuan ng mga guro at iba pang opisyaes ng paaralan. Sa aktibidad na ito, nagsasama-sama ang mga guro, magulang at bawat mag-aaral sa paaralan at boluntaryong nagtutulong-tulong sa paglilinis ng paaralan, nag-aayos ng mga silid-aralan, at naghahanda ng mga ito para sa darating na pasukan.





Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang **Tama** kung ang sumusunod na pahayag ay tama, at **Mali** naman kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_____ 1. Tuwing Brigada Eskwela, abala si Tonyo sa pakikipaglaro sa kaniyang mga kaibigan.

_____ 2. Si Jesse naman ay masayang tumutulong sa kaniyang mga guro sa paglilinis ng kanilang paaralan tuwing Brigada Eskwela.

_____ 3. Pumupunta si John sa paaralan tuwing Brigada Eskwela at nakikipaglaro sa kaniyang mga kamag-aral.

_____ 4. Si Berto naman ay masigasig na nagbubunot ng damo sa paligid ng kanilang paaralan tuwing Brigada Eskwela.

_____ 5. Mahilig namang magpulot ng natuyong dahon si Pedro sa paligid ng kanilang paaralan tuwing Brigada Eskwela.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Magpakuwento sa iyong magulang o nakatatandang kasama sa bahay tungkol sa mga ginagawa sa Brigada Eskwela upang malaman mo ang iba't ibang gawain ukol dito.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Kopyahin at piliin sa kahon ang angkop na salita na tutugma sa mga patlang. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Brigada Eskwela	pasukan	kalinisan
makikilahok	mag-aaral	

Bago magsimula ang _____, ang mga _____ ay inaasahan na _____ sa taunang _____. Ito ay isinasagawa upang mapanatili ang _____ ng paaralan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Gamit ang iyong lapis, iguhit sa iyong sagutang papel, ang iyong sarili kasama ng iba pang mga kamag-aral na nagpapakita ng pagtulong sa Brigada Eskwela.



Ang Brigada Eskwela ay isa lamang sa mga aktibidad upang mapangalagaan ang paaralan. Ang mga mag-aaral ay inaasahang magiging aktibo sa pagtulong at paglahok sa mga aktibidad tulad nito upang maipakita ang pagpapahalaga sa ating paaralan.



Susi sa Pagwawasto

Week 1-2				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Guhit ng larawan ng paaralan ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Importasyon tungkol sa mag-aaral at sa kaniyang paaralan	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: 1.c 2.b 3.a 4.a 5.d	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: 1. Silid-aralan 2. Silid-aklatan 3. Palikuran 4. Klinika 5. Kantina	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: 1.c 2.e 3.b 4.a 5.d
Week 3-4				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: 1. paaralan 2. kapolligiran 3. kalinisan 4. Pag-iingay 5. katahimikan	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: 1. paaralan 2. tahanan 3. kalinisan 4. pag-iingay 5. katahimikan	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: 1.a 2.a 3.b 4.a 5.b Yang paaralan, kalinisan ng kani-mapanatili ang paraan upang ang kaniyang Iguguhit ng bata	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: 1.a 2.a 3.b 4.a 5.b	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: 1.mali 2.tama 3.tama 4.mali 5.tama
Week 5				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Isulat ng bata ang pangalan ng taong bumubuo sa kaniyang paaralan.	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Iguguhit ng bata ang isa sa mga taong bumubuo ng kanilang paaralan	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: 1.x 2./ 3./ 4./ 5./	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: 1. Librarian 2. Janitor 3. Tindero o hendera sa kantina 4. Guro 5. Mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: 1.b 2.a 3.c 4.b 5.d



Susi sa Pagwawasto

Week 6				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Ang sagot ay batay sa natutuhan ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ang sagot ay batay sa natutuhan ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: 1. ☹️ 2. ☹️ 3. ☹️ 4. ☹️ 5. ☹️	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: 1.c 2.a 3.e 4.b 5.d	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: 1.tama 2.mali 3.tama 4.tama 5.tama
Week 7				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Guguhit ang bata ng isang pangyayari kung saan ipinamalas niya ang kaniyang pag-sunod sa alituntunin ng kanilang paaralan	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ang sagot ay batay sa natutunan ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: 1. ○ 2. △ 3. ○ 4. ○ 5. ○	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: 1.b 2.a 3.b 4.a 5.b	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: 1.opo 2.hindi po 3.hindi po 4.hindi po 5.opo
Week 8				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Ang bata ay magsasa-gawa ng paglilinis sa kanilang tahanan.	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Guhit ng larawan ng mag-aaral kasama ang kaniyang kamag-aaral habang tumutulong sa Brigada Eskwela.	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: 1.Pasukan 2.Mag-aaral 3.Makilahok 4.Brigada Eskwela 5.Kalilinis	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Magpapakuwento sa magulang o nakatatandang kapatid	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: 1.mali 2.tama 3.mali 4.tama 5.tama

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ☆, ✓, ?.



Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Diwa Learning Systems, Inc. Pagsulong at Pagbabago: Sarili, Pamilya at Paaralan (2013)

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

